

**Aksiyon na Kaugnay ng  
COVID-19 ng Illinois Liquor  
Control Commission  
Ini-update ang Gabay sa Pagmamantini ng Proteksiyon ng  
Liability Insurance sa Dram Shop: Hunyo 2, 2020**

Hinihingi ng Illinois Liquor Control Act sa isang taong lisensyadong magbenta ng alak na magmamantini ng proteksiyon sa pananagutan/dramshop insurance kung “binabalak ng negosyo na magbenta ng alak para inumin sa lisensyadong bahay-inuman niya...” 235 ILCS 5/6-2(18).

Dahil sa Proklamasyon ng Gobernador sa Sakuna dulot ng pagkalat ng COVID-19, hindi legal na pinapayagan ang mga may-hawak ng lisensya na mag-alok ng pagkain at inumin sa lisensyadong bahay-inuman. Kaya, kung makatatanggap ang Illinois Liquor Control Commission ng abiso mula sa isang insurance carrier na kinansela ng insurance carrier ang proteksiyon ng insurance sa pananagutan sa alak/dramshop ng may-hawak ng lisensya, hindi maglalabas ng citation amg Komisyon laban sa may-hawak ng lisensya dahil sa pagkansela ng insurance.

**IMPORTANTE:** Kumonsulta sa inyong lokal na commissioner sa kontrol ng alak at/o sa mga lokal na ordinansa para matukoy ang mga hinihingi para sa insurance ng pananagutan sa alak/dramshop na kinakailangan para mapanatili ang lokal na lisensya mo sa alak, na maaaring naiiba sa o bilang karagdagan sa mga hinihingi ng estado para sa lisensya.

Hinihingi ng Liquor Control Act na lahat ng may-hawak ng lisensya na nag-aalok ng mga nakalalasing na inumin para inumin sa lisensyadong bahay-inuman na kumuha ng proteksiyon ng insurance sa pananagutan sa alak/dramshop sa minimum na halagang hinihingi ng batas. (\$231,021.02 para sa 2020).

**Kaya, lahat ng may-hawak ng lisensya ay pinapaalalahanan na ipinagbabawal sa kanilang mag-alok ng ma inuming nakalalasing na iinumin sa bahay-inuman nang walang iniingatang proteksiyon ng insurance sa pananagutan sa alak/dramshop. Nalalapat ito sa lahat ng lisensyadong negosyo na nag-aalok ng nakalalasing na alak na iinumin sa mga panlabas na area alinsunod sa Phase 3 ng Restore Illinois Plan ng Gobernador.**

Makipag-ugnayan sa insurance carrier mo bago ituloy ang pagsisilbi ng inumin sa inyong bahay-inuman para matiyak na nakasusunod ka rito.

Ang mga may-hawak ng lisensya na nagbebenta o nagsisilbi ng mga nakalalasing na inumin sa kanilang bahay-inuman na wala ang hinihinging proteksiyon ng insurance sa pananagutan sa alak/dramshop ay sasailalim sa asuntong isasampa laban sa kanilang lisensya sa alak.